Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS

**WALANG BILANG NA MEMORANDUM**

**PARA SA :** Mga Kawaksi na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe - Curriculum Implementation Division (CID)
Hepe - School Governance and Operations Division (SGOD)
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Pampurok na Tagamasid
Mga Punongguro ng Elementarya at Sekondarya

**MULA KAY:** **MERTHEL M. EVARDOME, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA :** **KAPASIYAHAN NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA PAGPAPATIGIL NG PAGGAMIT NG FILIPINAS AT PAGBAWI SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 13-19 SERYE NG 2013**

**PETSA :** Setyembre 5, 2022

---

Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 074, s. 2022, **Kapasiyahan ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Pagpapatigil ng Paggamit ng Filipinas at Pagbawi sa Pinagtibay na Kapasiyahan Kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 13-19 Serye ng 2013.**

Para sa inyong kabatiran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Address: Provincial Sports Complex, Bolbok, 4200 Batangas City
☎(043)722-1840 / 722-1796 / 722-1437 / 722-2675 / 722-1662
✉deped.batangas@deped.gov.ph
www.depedbatangas.org

DepEd-Division
of Batangas
ICT SECTION
RECEIVED
S2-105274
Date: SEPTEMBER 05, 2022
Time: 11:25
By: ICTMAE

Republic of the Philippines
**Department of Education**

26 AUG 2022

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 074 , s. 2022

**KAPASIYAHAN NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA PAGPAPATIGIL NG PAGGAMIT NG FILIPINAS AT PAGBAWI SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 13-19 SERYE NG 2013**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Bilang tugon ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa Kapasiyahan ni Komisyoner Arthur P. Casanova, Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 21-18, serye 2021 na nilagdaan at pinagtitibay ang kapasiyahan sa pagpapatigil ng paggamit ng **Filipinas**, at pagbawi sa pinagtibay na kapasiyahan kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 13-19, serye 2013, itinatakda ng Kagawaran ang mga sumusunod:

a. Ibalik ang paggamit ng **Pilipinas** sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto higit sa paggamit ng **Pilipino** kapag ang tinutukoy ay mamamayan at kultura ng Pilipinas dahil ang opisyal na pangalan ng bansa ay **Pilipinas** at hindi **Filipinas** na pinatutunayan ng pinakamataas na batas ng bansa, ang 1987 Konstitusyon;

b. Hindi na kailangang baguhin ang mga kagamitang nailimbag na tulad ng Aklat, *Self-Learning Module*, *Weekly Home Learning Plan*, *Learning Activity Sheets* at iba pang uri bago pa ang paglalabas ng memorandum na ito. Iwasto na lamang ng mga guro at kawani habang ginagamit sa proseso ng pagtuturo; at

c. Gamitin ang wastong baybay na itinakda ng KWF sa mga kagamitang panturo at korespondensiya opisyal na ilalabas pa lamang.

2. Kalakip ng Memorandum na ito ang kapasiyahan ng KWF bilang batayan. Inaasahan ang malawakang pagpapabatid at pagpapalaganap ng kapasiyahang ito sa lahat ng paaralan at tanggapan ng Kagawaran.

3. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto, Kagawaran ng Edukasyon** sa email bld.tld@deped.gov.ph o sa telepono bilang (02) 8687-29-48.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

To authenticate this document, please scan the QR code
DEPED-OSEC468320

**EPIMACO V. DENSING III**
Pangalawang Kalihim at Puno ng Estado Mayor

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CHANGE
EMPLOYEES
LANGUAGE
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS
TEACHERS

SMMA/APA/MPC, DM Kapasyahan ng KWF sa Pagpapatigil ng Paggamit ng Filipinas
0076 – Marso 17, 2022/July 20/Agosto 16, 2022 (Final)

To authenticate this document, please scan the QR code
DEPED-OSEC468320

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO · 1991 ·

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER**
**BLG. 21-18**
Serye 2021

**PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN NG PAGPAPATIGIL NG PAGGAMIT NG "FILIPINAS" AT PAGBAWI SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 13-19 SERYE NG 2013**

SAPAGKAT, ang opisyal na pangalan ng bansa ay "Pilipinas" at hindi "Filipinas" na pinatutunayan ng pinakamataas na batas ng bansa, ang 1987 Konstitusyon at ng iba pang legal na mga dokumento ng tulad ng opisyal na pasaporte, opisyal na mga sagisag, selyo, at iba pa;

SAPAGKAT, nagkaroon ng malawakang pagtutol sa pagpapalit ng pangalan na "Filipinas" sa halip na "Pilipinas" na mababasa sa mga ipinalabas na mga pahayag ng mga institusyon tulad ng Unibersidad ng Pilipinas, mga organisasyon, pahayagan, at website;

SAPAGKAT, ang mismong Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas sa pamamagitan ng dating Pangalawang Kalihim Manuel Quezon III, na ang opisyal na titulo ng Pangulo ay "Pangulo ng Pilipinas" at hindi Pangulo ng Filipinas;

SAPAGKAT, ang pagpapalit ng "Filipinas" sa "Pilipinas" ay nagdulot lamang ng pagkalito sa mga mag-aaral at pagkaligalig at hidwaan sa maraming mamamayang Pilipino;

NGAYON SAMAKATUWID, IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya na ibalik ang gamit ng "Pilipinas" habang ipinatitigil ang paggamit ng "Filipinas";

IPINAPASIYA pa na ibalik ang paggamit ng "Pilipino" kapag ang tinutukoy ay mamamayan at kultura ng Pilipinas;

IPINAPASIYA rin ang pagkakaroon ng malawakang pagpapabatid at pagpapalaganap ng Kapasiyahang ito;

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa pamamagitan ng espesyal na pulong ng Kalupunan ng mga Komisyoner na ginanap ngayong 28 Hunyo 2021.

TINANGGAP
Yunit ng Rekords
10 SEP 2021
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Tinanggap ni: ______
Kowd: ______

**KOM. ARTHUR P. CASANOVA**
Tagapangulo
Komisyoner para sa Wikang Tagalog

**KOM. CARMELITA C. ABDURAHMAN**
Komisyoner para sa Wikang Samar-Leyte

(Nilagdaan)
**KOM. LORNA E. FLORES**
Komisyoner para sa mga Wika ng Katimugang Pamayanang Kultural

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER**
**BLG. 21-18**
Serye 2021

(Nilagdaan)
**KOM. ALAIN RUSS G. DIMZON**
Komisyoner para sa Wikang Hiligaynon

(Nilagdaan)
**KOM. JIMMY B. FONG**
Komisyoner para sa mga Wika ng Kahilagaang Pamayanang Kultural

(Nilagdaan)
**KOM. ANGELA E. LORENZANA**
Komisyoner para sa Wikang Bikol

(Nilagdaan)
**KOM. ABRAHAM P. SAKILI**
Komisyoner para sa mga Wika ng Muslim Mindanao

(Nilagdaan)
**KOM. HOPE S. YU**
Komisyoner para sa Wikang Sebwano

**PINATUTUNAYAN NG NAKALAGDA SA IBABA NA ANG KAPASIYAHAN BLG. 21-18 AY PINAGTIBAY NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

**ARTHUR P. CASANOVA, PhD**
Tagapangulo